Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI – Kanlurang Visayas
**SANGAY NG AKLAN**
Kalibo, Aklan

Agosto 3, 2017

Para sa: Mga **Hepe ng mga Superbisor sa Edukasyon**
Mga **Superbisor sa Programa ng Edukasyon**
**Tagamasid Pampurok/**
**Prinsipal/Ulong Guro na Namamahala ng Distrito**
**Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan sa Elementarya at Sekondarya**

Minamahal na Ginoo/Ginang:

Mangyari po lamang na pagtuunan ng pansin ang liham mula kay Prof. RJ A. Ampoyos, Direktor, Sentro ng Wika at Kultura (SWK) tungkol sa Programa ng Paglulunsad kaugnay sa pagkakaroon ng Sentro ng Wika at Kultura sa Aklan State University, New Washington, Aklan.

Kalakip po nito ay ang liham mula sa kanyang tanggapan, Pinagtibay na Kapasiyahan para sa Pagtatatag ng Sentro ng Wika at Kultura sa Aklan State University at pagkahirang kay RJ A. Apoyos bilang Direktor ng SWK.

Ang mga Pampurok na Tagapag-ugnay sa Filipino ay pinahihintulutang dumalo.

Para sa inyong kabatiran at pagtalima.

Matapat na sumasainyo,

**Dr. ERNESTO F. SERVILLON, Jr., MNSA**
Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
Opisyal na Namamahala,
Tanggapan ng Tagapamahala ng mga Paaralan

**DIVISION LETTER**
**No. 112, s. 2017**

MFTR/cdb

Republika ng Filipinas
AKLAN STATE UNIVERSITY
**COLLEGE OF FISHERIES AND MARINE SCIENCES**
New Washington, Aklan
E-mail: cfms@asu.edu.ph
Tel.Fax No. +63-36-2643980

**OPISINA NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA**

DepED Region VI
Division of Aklan
RECEIVED
Date: 26 JUL 2017
Time: 2:47 p.m
Signature:

Hulyo 17, 2017

**DR. ERNESTO F. SERVILLION, JR.**
MNSA – Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-charge
Office of Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon
Probinsya ng Aklan

Mahal na **Katuwang na Superindente**:

***Pagbati!***

Malugod po naming ipinababatid sa inyong tanggapan na ang Aklan State University ay mayroon nang **Sentro ng Wika at Kultura (SWK)** na pinagtibay ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan na ginanap noong ika-23 ng Abril, 2017, sa El Cielito, Lungsod Baguio, Benguet.

Kaugnay po nito, malugod po namin kayong inaanyayahan na dumalo sa Programa ng Paglulunsad ng Sentro ng Wika at Kultura sa Aklan State University sa ika - 7 ng Agosto, mula 8:00 hanggang 11:00 ng umaga na idadaos sa ASU- CFMS, Function Hall at Training Center, New Washington, Aklan.

Inaanyayahan din po namin ang inyong mga Kaguruan na nagtuturo sa Elementarya at Sekundarya mas lalo na yaong nagtuturo ng Wika at Kultura na dumalo sa nasabing programa. Isang malaking pagkakataon po ang nasabing okasyon upang mapag-usapan din ang mga hakbang tungo sa hinaharap lalo na sa Wikang Akeanon at Kultura ng Aklan.

Inaasahan po namin ang inyong pagdalo at nagpapasalamat po kami nang maaga sa inyong suporta ukol sa adhikain ng Sentro.

Kaugnay po sa programang ito, kung mayroon po kayong mga katanungan o paglilinaw, maaari po kayong makipag-ugnayan sa aming tanggapan sa numerong 264 – 3567/ 264-3980 o sa cellphone sa numerong 09095573227/09156692096.

Maraming salamat po at mabuhay ang Wikang Akeanon at Kulturang Aklanon!

Lubos na gumagalang,

**RJ A. AMPOYOS**
Asst. Prof. 1
Direktor, Sentro ng Wika at Kultura

Pinagtibay:

for: **YASMIN H. PRIMAVERA-TIROL, PhD**
ASU-CFMS na Direktor

Pinagtuunang-pansin:

**DANILO E. ABAYON, PhD**
Pangulo ng ASU

Sinang-ayunan:

**DR. ERNESTO F. SERVILLION, JR.**
MNSA – Assistant Schools Division Superintendent
Officer-in-charge
Office of Schools Division Superintendent

Only district Filipino Coordinators are allowed to attend.

**Kalakip:** *Liham Katibayan ng Pagkakatag at mga Tungkulin ng Sentro*
*Katibayan ng pagkakahirang ng Direktor ng Sentro*

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo
KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 17-30**
**Serye 2017**

# PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA PAGTATATAG NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA (SWK) SA AKLAN STATE UNIVERSITY

SAPAGKAT, alinsunod sa Seksiyon 6-9, Artikulo XVI ng 1987 Konstitusyon ay patakaran ng Estado ang pagtataguyod ng wikang Filipino bilang wikang pambansa at opisyal ng Filipinas;

SAPAGKAT, alinsunod sa nabanggit na patakaran ng Estado ay nilikha ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamamagitan ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991 upang magpatupad ng patakaran ng Estado sa pagtitiyak at pagtataguyod ng patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng Filipino na Wikang Pambansa ng Filipinas, at magsasaalang-alang sa mga wikang katutubo at sa iba pang mga wikang ginagamit ng mga Filipino;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng Seksiyon 14 ng Batas Republika Blg. 7104, s. 1991 ang sumusunod na mga responsabilidad ng KWF:

(a) Magbalangkas ng mga patakaran, plano, at programa upang matiyak ang higit at patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

xxx

(g) Tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

(h) Magsagawa sa mga antas na pambansa, rehiyonal, at lokal ng mga pagdinig pampubliko, kumperensiya, seminar, at iba pang mga pangkatang talakayan upang umalam at tumulong sa paglutas ng mga suliranin at mga isyung may kaugnayan sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng Filipinas;

SAPAGKAT, bilang pagtupad sa mandatong inilatag sa Batas Republika Blg. 7104, s. 1991, pinagtibay ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 16-21, s. 2016 hinggil sa pag-aadap at pagpapatupad ng KWF Medyo Matagalang Plano 2017-2020 (*KWF Medium Term Plan 2017-2020*);

SAPAGKAT, isa sa mga patakarang inilatag ng KWF Medyo Matagalang Plano 2017-2020 ang pagpapalakas ng serbisyong institusyonal ng KWF na may layuning palakasin at patatagin ang mga mekanismo para sa pagsasaayos ng organisasyon at panloob na pamamahala ng KWF;

-30
Petsa: 4/26/17 Oras: 9:50 am

**KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 17-30**
**Serye 2017**

SAPAGKAT, pinagtibay ng Kalupunan ng mga Komisyoner ng KWF ang Kapasiyahan ng Kalupunan ng mga Komisyoner Blg. 13-22, s. 2013, para sa reoryentasyon ng mga dating panrehiyong sentro ng KWF tungo sa Sentro ng Wika at Kultura (SWK) upang mabigyan ito ng bago at higit na malawak na oryentasyon sa ilalim ng pangangasiwa ng KWF, na bukod sa mga gampaning pangwika ay inaasahang lalahok o mangunguna sa pagsusulong ng mga katangiang pangkultura ng pook (bayan, lalawigan, o rehiyon) na kinalalagyan nito;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, at sang-ayon sa mga inilatag na proposisyon sa itaas, pinagtitibay ng KWF ang patakaran sa pagpapalakas ng serbisyong institusyonal ng KWF kaugnay ng pagtatatag ng Sentro ng Wika at Kultura (SWK) sa Aklan State University batay sa naging pakikipag-ugnayan at pagtatasa ng mga gawain at proyekto ng naturang institusyon para tupdin ang gawain ng isang SWK;

IPINAPASIYA sa wakas, na ilalatag sa isang bukod na Memorandum ng Unawaan (MOU) ang mga tiyak na tungkuling magkatuwang na itataguyod ng KWF at ng Aklan State University tungo sa pagtupad ng probisyong pangwika ng 1987 Konstitusyon.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner sa Pulong ng Kalupunan na ginanap ngayong 23 Abril 2017, sa El Cielito, Lungsod Baguio, Benguet.

**KOM. VIRGILIO S. ALMARIO,** National Artist
Tagapangulo

**KOM. PURIFICACION G. DELIMA**
Komisyoner para sa Wikang Ilokano

**KOM. LORNA E. FLORES**
Komisyoner para sa mga Wika ng Katimugang Pamayanang Kultural

**KOM. JIMMY B. FONG**
Komisyoner para sa mga Wika ng Kahilagaang Pamayanang Kultural

**KOM. ABDON M. BALDE JR.**
Komisyoner para sa Wikang Bikol

**KOM. MA. CRISANTA N. FLORES**
Komisyoner para sa Wikang Pangasinan

**KOM. LUCENA P. SAMSON**
Komisyoner para sa Wikang Kapampangan

**KOM. JERRY B. GRACIO**
Komisyoner para sa Wikang Samar-Leyte

**KOM. JOHN E. BARRIOS**
Komisyoner para sa Wikang Hiligaynon

**KOM. HOPE S. YU**
Komisyoner para sa Wikang Sebwano

**KOM. ABRAHAM P. SAKILI**
Komisyoner para sa mga Wika ng Muslim Mindanao

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo

# KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

**MULA KAY:** **VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

**PARA SA:** **PANREHIYON AT PANLALAWIGANG SANGAY NG DENR, DEPED, CHED, NCIP, DOST, DOT, DILG, NEDA, AT MGA LOKAL NA YUNIT NG PAMAHALAAN**

**PAKSA:** **PAGKAKAHIRANG KAY RJ A. AMPOYOS BILANG DIREKTOR NG SENTRO NG WIKA AT KULTURA**

**PETSA:** **16 PEBRERO 2017**

x---------------------------------------------------------------------------------------------------------x

Ipinababatid sa lahat na si **RJ A. AMPOYOS** ng **AKLAN STATE UNIVERSITY** ang hinirang na **direktor** ng **Sentro ng Wika at Kultura** na may sumusunod na tungkulin:

(a) Manguna at lumahok sa **pagsusulong** ng mga katangiang pangkultura ng pook (bayan, lalawigan, o rehiyon) na kinalalagyan nitó.
(b) Manguna at magsagawa ng mga proyektong **saliksik**, **pagdiriwang**, **pag-aaral**, at **eksibisyon** ng wika at kultura ng naturang pook.
(c) Manguna at magsagawa ng **saliksik sa larang akademiko** gaya ng agham panlipunan, agham pangkalikasan, at matematika sa wikang Filipino, at sikaping makatulong sa bagay na ito ang yunit saliksik ng unibersidad o kolehiyo.
(d) **Makipagtulungan** sa mga lalawigan, rehiyon, o bayan sa loob ng kinaroroonang unibersidad lalo na sa mga kapisanang pang-estudyante at pangguro, mga kolehiyo at sentro para sa ibang larang akademiko, alumni association, PTA, at katulad.
(e) **Magtatag ng matalik na ugnayan at pakikipagtulungan sa mga institusyon sa loob at labas ng paaralan**, rehiyon, lalawigan, at bayan gaya sa DepEd, CHED, TESDA, DOT, NCIP, DILG, samahang masang mga katutubo, at pamahalaang lokal sa pamamagitan ng Indigenous People's Mandatory Representative (IPMR), tungo sa katuparan ng mga adhika pangwika at pangkultura nitó.
(f) **Magtaguyod sa lahat ng kampanya at proyekto ng KWF**, lalo na sa pagpapalaganap ng wikang Filipino at sa pangangalaga sa kapakanan ng mga guro sa Filipino.
(g) **Mangasiwa ng mga aktibidad para sa KWF,** gaya ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika, Araw ni Balagtas, mga kumperensiya at pagsasanay ng mga guro, seminar, palihan, gawad, timpalak, at katulad para sa pagpapalaganap ng wikang Filipino nang may kaukulang pahintulot ng KWF.

Asahan ang pakikipag-ugnayan ng Sentro ng Wika at Kultura sa inyong tanggapan para sa mga gawaing nabanggit. Pauna na ang aming pasasalamat sa inyong pakikipagtulungan sa aming Sentro.

2/P Gusaling Watson, 1610 Jose P. Laurel Street, San Miguel, 1005 Maynila
(02) 736.2525/24; 736.2519; 734.5547; 736.3830; 733.7260; 516.0326
www.kwf.gov.ph komfil@kwf.gov.ph